# 2025 南国市

# 家庭ごみの分け方・出し方

## Paghihiwalay at Pagtatapon ng Basura ng Bahay

**Upang mapanatiling malinis ang istasyon ng basura, siguraduhing sundin ang wastong asal sa pagtatapon ng basura.**

- Ilabas ang basura sa istasyon ng basura ng inyong distrito sa pagitan ng 5:00 AM at 8:00 AM sa araw ng koleksiyon.
- Walang koleksyon ng basura mula Disyembre 31 hanggang Enero 3.
- Para sa basurang kailangang ilagay sa itinalagang bag ng basura, siguraduhing gamitin ang mga ito.
  *Ang mga itinalagang bag ng basura ay ibinebenta sa mga malalaking tindahan, convenience store sa lungsod, at sa tindahan sa City Hall (2F).
- Kumpirmahin ang website para sa mga araw ng pagkolekta ng basura para sa bawat lugar.
  Para sa listahan ng mga araw ng pagkolekta ng basura, i-access dito▶
  *Maaaring may pagkakaiba sa listahan. Kumpirmahin ang karatula sa istasyon ng basura ng bawat distrito.

## Istasyon ng Nasusunog na Basura

### Nasusunog na Basura

Itinalagang Bag ng Nasusunog na Basura
Malaki: ¥300
Katamtaman: ¥200
Maliit: ¥150



**Paraan ng Paghihiwalay**




**Mga Paalala sa Pagtapon**

- Alisin ang dumi o tae sa diaper.
- Ang futon, carpet, banig, atbp. ay gupitin nang hindi hihigit sa 70 cm kuwadrado (70cm x 70cm sa bawat panig) at ilagay sa itinalagang bag.
- Ang mga matitigas na produktong plastik ay itapon bilang Iba't Ibang Basura.


### Plastik na Lalagyanan at Pambalot

Itinalagang Bag ng mga Recyclable
Malaki: ¥300
Katamtaman: ¥200



Ilagay sa hiwalay na bag

**Plastik na Lalagyanan at Pambalot na may markang プラ**




**Ang mga sobrang marumi at mga pinutol-putol ay itapon bilang Nasusunog na Basura.**

- Ubusin ang laman.
- Banlawan nang konti at huwag putol-putulin.
- Ang mga matitigas na produktong plastik ay itapon bilang Iba't Ibang Basura.


リサイクル: Ginagamit bilang raw materials ng plastic at combustion aid, reducing agent, atbp.

### Pet Bottle

Itinalagang Bag ng mga Recyclable
Malaki: ¥300
Katamtaman: ¥200

**Mga may markang** PET

Tanggalin ang label at takip, at itapon bilang Plastik na Lalagyanan at Pambalot. Ang mga nasa ilalim ng takip na naiwan sa pet bottle ay maaring hindi na tanggalin.





- Ubusin ang laman, at ang mga marumi ay banlawan bago itapon.
- Maaaring yupiin hanggang mangalahati, ngunit panatilihin ang orihinal na hugis.

リサイクル: Nagiging raw materials ng PET bottle, synthetic fiber, atbp.

### Papel / Damit

Papel: Talian ng lubid o tali
Damit: Ilagay sa transparent na plastic bag

**Ihiwalay ang mga Papel sa apat na uri.**





- Para sa mga Papel, iwasan ang pagtapon sa mga araw na umuulan.
- Para sa mga Damit, limitado lamang sa mga maaari pang isuot.
- Ang mga underwear, medyas, punit na damit, paper pack na may aluminum foil sa loob, at sobrang marurumi ng mga bagay ay itapon bilang Nasusunog na Basura.

リサイクル: Ang mga lumang damit ay ini-export sa ibang bansa. Ang mga papel at karton ay ginagamit bilang raw materials ng recycled paper, atbp.

### Karton

Talian ng lubid o tali



Ang cross section ng karton ay hugis-honeycomb at guwang o hallow. Tingnan ang cross-section upang malaman na iba ito sa kahon na papel at makakapal na papel.


- Huwag gumamit ng duct tape.
- Iwasan ang pagtapon sa mga araw na umuulan.
- Ang mga bagay na waterproof at mga bagay na sobrang marumi ay ilagay sa itinalagang bag at itapon bilang Nasusunog na Basura.

## Istasyon ng Hindi Nasusunog na Basura

### Lata / Metal

Ilagay sa transparent na plastic bag
Ang mga malalaki ay huwag nang ilagay sa plastic bag

**Ang mga lata ng inumin at iba pang metal ay ilagay sa hiwalay na bag.**




- Ipinagbabawal ang paggamit ng bag na hindi makikita ang laman nito.
- Para sa mga Lata, ubusin ang laman, banlawan bago itapon.
- Para sa mga aerosol spray can at cassette gas canister, siguraduhing ubos ang laman bago itapon. Huwag itong butasan.
- Para sa mga lata ng pintura, alisin ang lamang pintura at itapon bilang Iba't Ibang Basura.


リサイクル: Nagiging raw materials ng aluminum at bakal.

### Bote

Itinalagang Bag ng Bote ng Pagkain
Katamtaman: ¥200
Maliit: ¥150



**Ang mga hindi basag na bote ay ihiwalay sa 3 uri ayon sa kulay.**




- Ang mga Bote ay tumutukoy sa mga bote ng inumin, cooking oil, at mga bote na naglalaman ng gamot tulad ng gamot sa sipon, atbp.
- Ubusin ang laman at banlawan.
- Ang mga bote ng cosmetics ay itapon bilang Iba't Ibang Basura.


リサイクル: Ang mga walang laman na bote ay ginagamit bilang raw materials ng salamin.

### Basurang Naglalaman ng Mercury

Itinalagang Bag ng mga Bagay na Naglalaman ng Mercury
Katamtaman: ¥200



**Kinokolekta tuwing Marso, Hunyo, Setyembre at Disyembre.**




- Para sa mga fluorescent lamp at mga baterya, kung maaari ay ibalik ito sa tindahan kung saan binili.
- Ang mga incandescent bulb, glow lamp, miniature bulb, LED, atbp. ay itapon bilang Iba't Ibang Basura.
- Kung ang lithium-ion na baterya ay umumbok o nag-swollen, tumawag sa Environmental Division o Kankyōka.

リサイクル: Matapos alisin ang mercury, ginagamit bilang raw materials ng mga materyales sa konstruksiyon at bahagi o parts ng mga electronic appliances.

### Iba't Ibang Basura

Ilagay sa transparent na plastic bag
Ang mga malalaki ay huwag nang ilagay sa plastic bag

**Mga Matitigas na Produktong Plastik, Di-Nasusunog na Bagay, atbp.**




- Ipinagbabawal ang paggamit ng bag na hindi makikita ang laman nito.
- Ang basag na bagay tulad ng bote at salamin ay ibalot sa dyaryo, tiyakin na walang panganib, at lagyan ng label ang bag.
- Para sa lighter, siguraduhing ubusin ang laman bago itapon.

**Para sa Malalaking Basura, tumawag sa Environmental Division o Kankyōka.**

Ang Iba't Ibang Basura ay pangunahing itinatapon sa landfill na huling lugar na pagtatapon ng basura.

Para sa iba pang tanong at hindi malinaw na punto,tumawag sa Environmental Division o Kankyōka.
**Nankoku City Hall / (Representative) TEL 088-863-2111 / Environmental Division o Kankyōka TEL 088-880-6557**